


# MGA KARAMDAMAN

## AT KADALAMHATIAN

 Nais kong ipaliwanag ang ilang bagay, ilang mahahalagang bagay na dapat n'yong malaman. Di po kalakasan ang boses ko, kaya siguro lalapit lang ako *rito*. Kung loobin ng Panginoon, itong Linggo ng hapon, gusto kong mangusap sa inyo sa isang pagi-Ebanghelyong pangangaral, para sa Linggo ng hapon. At tayo po'y umaasa sa ilang dakilang mga bagay, na gagawin ng Panginoon para sa atin sa sanlinggong ito.

<sup>2</sup> Ang isa po'y tungkol sa . . . marami rito ang di pa alam kung papaanong ang mga prayer card na ito ay—ay ipinamamahagi sa mga may sakit at nagdadalamhati. Sa tatlong taon po na sumusubok ako, ito 'yung tanging programa na nakita ko na talagang sa tingin ko'y nagpapala ang Diyos.

<sup>3</sup> Nung una po nagdadaos lang kami at wala pong mga card, at pinapipila lang namin ang mga tao. Siksikan, tuloy. Tapos mananalangin ako nang marahil labing-lima, dalawampung minuto kada gawain; nagkukumpulan po ang mga tao sa akin, at kaya kinakailangan pa nilang hilain ako para makalabas dun.

<sup>4</sup> At pagkatapos nung sumunod, una po'y, pinapadala namin 'yung mga prayer card sa mga ministro bago pa ang gawain. At bawat ministro na tumataguyod, marahil limampu o higit pang mga simbahan sa buong lugar ang tumataguyod sa gawain, at bawat isang ministro ay nabibigyan ng mga sandaang card. Siyempre'y gusto ng bawat ministro na mauna ang kanyang kongregasyon. Ibibigay niya 'yun sa kanyang kongregasyon at marahil sa buong apat o limang gabi, isang kongregasyon lang ng isang ministro ang napagbibigyan, sumasama tuloy ang loob ng iba dahil dun.

<sup>5</sup> Tapos naisip din namin noon na iatang sa mga tao na taga-roon talaga sa lugar, para dun mismo sa mga taong taga-roon sa komunidad; pero kung minsan ang mga taong dumadalo ay karamihan pito, walong libong milya ang binibiyahe papunta sa mga pagtitipon. Hindi naman tama.

<sup>6</sup> At ang tanging paraan na nakikita namin, na hahayaang ang Panginoon ang gumawa ng paraan, ay pumarito lang at ipamahagi ang mga prayer card, mga limampu nito, at sadya pong ipamigay ang mga ito sa halo-halong mga tao, at nang di pinipili kung sino ba ang mapapapila.

<sup>7</sup> Nakita ko nung isang beses na namigay ako ng limampung card, at wala ni isa sa kanila ang tinawag. Pasisimulan ang pagtitipon, at ang Espiritu ng Panginoon ang nangunguna sa

akin sa gitna ng mga tao, nang paganoon, na di na ginamit ang mga prayer card.

<sup>8</sup> Nakita ko rin nung isang beses na narito ako sa entablado, at magsisimula lang akong magsalita, at mawawala po ako sa buong sarili ko nang isang oras o higit pang, oras, habang tatawagin ko ang una, at pagkatapos ang kasunod nang ganun. Aking . . . Ang bawat isa po'y gumagaling.

<sup>9</sup> Maraming tao ang nagtitipon-tipon para sa—sa pila na ito. Ipinapaalala ko po ito lagi, ito po ang katotohanan, mainam ang dulot nito nang mag-lilimang taon . . . o mag-tatatlong taon na ngayon. Pasensya na po. Bawat tao na lumalapit dito sa entablado'y gumagaling. Walang kahit isa, kahit na gaano pang kalala ang pagkakabaliko, pagkakapilay, o pagkakadalamhati, lagi pong gumagaling. May mga pagkakataon na sobrang lala. Pero ako . . . Marahil, sa isang gabi, nakakapagpalapit lang ako ng siguro tatlo o apat o lima. Marahil kung minsan pa nga . . .

<sup>10</sup> Nasaksihan ko noon sa Calgary, Canada, dalawa lang po, sa dalawampu't limang libo na nagkatipon doon. Dadalawa lang.

<sup>11</sup> Ang isa po'y isang lalaki na nagdurusa nang labing-walong taon, hindi niya maigalaw ang nanlulupaypay niyang kamay. Nakaupo na lang siya sa isang silyang de gulong. Isinanla ng nanay niya ang singsing nito sa kasal, para mataguyod siya. Pito o walong pagtitipon na ang dinadaluhan niya; hindi siya makakuha-kuha ng card. Sa huli'y dumating na 'yung oras para makasampa siya sa entablado. Ang binata'y bumaba ng entablado na nakakalakad na. Nung sumunod na umaga, nagagawa na niyang ahitan ang kanyang sarili sa unang pagkakataon sa buhay niya. Sinalubong pa nga niya ako roon sa rampa nung lumapag ang eroplano sa Vancouver, para kamayan ako.

<sup>12</sup> Ang isa pa'y munting babae. Yung munting babae, Katoliko siya sa pananalig, 'yung isa niyang binti ay apat na pulgadang maiksi kumpara sa isa pa niyang paa. Gumugol kami ng isang oras at parang ganoon sa munting babae na ito. At ito pong parehong Biblia na ito . . . Nung akayin na nila ang babae roon, haya't tabingi nga ang lakad niya. Ipinatong ko ang Biblia na ito sa kanyang ulo, lumakad na siya nang normal gaya ng kung sino pang ibang bata, paroo't parito sa ibabaw ng entablado, habang ang dalawampu't limang libong tao na nakaupo dun, ay napapanood 'yun. Mangyari po, na ang mga bagay na 'yan, ay atin lang inuulat.

<sup>13</sup> Wala po akong nalalaman kung sino dito ang may prayer card, o kung sino ba ang una. Ipinamamahagi muna namin ang mga prayer card at pagkatapos pumapasok na kami.

<sup>14</sup> Sige't ganito bibigyan ko kayo ng ideya. Sabi ng kapatid kong lalaki, "Namigay ako ng limampung card."

15 Papasok ako ng gusali, marahil may makakasalubong ako na munting bata ryan. Sasabihin ko, “Puwede ka bang magbilang?”

Sasabihin, “Sige, po.”

Sasabihin ko, “Sige bilangin mo na.”

16 Marahil hihinto siya sa sampu, labinglima o dalawampu, at titigil; kung saan siya tumigil, pasisimulan ko na ang pila para sa pananalangin. Kung huminto siya sa dalawampu, sisimulan ko ang pila para sa pananalangin sa dalawampu, at marahil pausad o pabalik ang pagbibilang ko.

17 Marahil may kasunod na gabi na bibilangin ko kung gaano bang karaming tao ang nasa isang hilera at hahatiin ko sa dalawa, at titingnan ko kung anong lalabas na bilang, o kung ano na’t parang ganun.

18 Wala pong nakakaalam pa, ngayong gabi, kung saan uumpisahan ang pila para sa pananalangin; basta’t kung saan ba. Kung minsan natataon sa mga pilay. Minsan natataon sa mga may sakit. Di ko po alam. Wala pong nakakaalam. Kami po’y namimigay lang ng card at itinatagubilin sa Panginoon na pangunahan ang susunod pa na mangyayari, at sa tuwina’y gumagana nang matagumpay ang ganyang pamamaraan. Na bumabad sa pananalangin.

19 Naniniwala ako na bagong-bago po ito sa inyo na mga narito. Sa lahat ng pagtitipon na nagkaroon ako, ito ang pinaka kaunting pangalawang-gabi na pagtitipon na nagkaroon ako sa alinmang pagtitipon na dinaos ko sa pagmimisyon. Kadalasan, kapag pangalawang gabi na, sa alinmang awditoryum, o kapag inanunsyo na, kadalasan pito, walo, sampung libo ang dumadalo, kapag pangalawang gabi na. Mangyari nga, na dito lang ito inanunsyo. Mangyari pong marami sa iba, dahil sa buong bansa inanunsyo, at kaya abot sa sandaan ang dumadayo mula sa isang estado, at ibang estado, kaya marami.

20 Ang kasunod po na pagtitipon ko pagkatapos nito ay sa Houston, sa koliseo. Sa tingin ko nasa labimpitong libo ang kasya roon, sa tingin ko. Naianunsyo na ’yun sa apat o limang internasyunal na pahayagan. Kaya diyan nagsisipunta ang mga tao, galing pa ng ibayong-dagat at lahat, sa iba’t ibang dako.

21 Nais ko lang bumasa ng kaunti sa Salita ngayong gabi, dahil ang Salita ng Diyos ay di nabibigo. Ang sarili kong salita ay nabibigo; ang Kanyang Salita ay di kailanman. Makikita po ito sa Mga Awit 103, sa una, ika-2, at ika-3 talata.

*Purihin mo ang PANGINOON, Oh kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko, ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan.*

*Purihin mo ang PANGINOON, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa:*

*Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit;*

<sup>22</sup> Nawa'y idagdag ng Diyos ang Kanyang pagpapala sa Kanyang Salita! Ang buong ito, haya't ipinapangusap ang *Mga Karamdaman At Kadalambahatian*, nais ko pong kunin ang ilang sandali para makapangusap patungkol dito. At gusto ko pong makinig at ibaling dito ang inyong buong tansyon.

<sup>23</sup> Ang mga karamdaman at kadalambahatian ay lahat resulta ng kasalanan, marahil hindi sa buhay n'yo, pero sa buhay ng iba na nauna sa inyo. Ang diyablo ang may-akda ng karamdaman at mga kadalambahatian. Nung wala pang diyablo, wala tayong karamdaman ni kadalambahatian man lang. Pero, nung pumasok sa eksena si Satanas, haya't dala-dala niya ang karamdaman at mga kadalambahatian.

<sup>24</sup> Maraming mga beses na ang turing natin sa mga ito ay pagpapala. Hindi ko kailanman maiisip na ang Diyos ay magpapala ng ganoon sa isang taong maysakit; maliban na lang kung ang taong ito ay makasalanan, na ibinubunsod siyang bumalik sa Diyos; o isang masuwaying anak, na dinadala siya pabalik para maipagkasundo muli sa kanyang Ama. Pero ang sakit nga ay resulta ng diyablo at ng pagkahulog. May . . .

<sup>25</sup> Ngayon, may pinaka magagaling tayong mga doktor. May pinaka maiinam tayong siyensiyang medikal, pinaka maiinam na ospital na nagkaroon tayo kailanman; at mas maraming mga sakit kaysa sa noon. At sa panahon ngang ito kung kailan may pinaka maiinam na siyensiyang medikal tayo, anupa't walang tigil ang pagpapatayo nila ng mga institusyon para sa mga di mapagaling-galing. Dito pa mismo sa panahon na nasa atin na ang pinaka mainam na siyentipikong pag-aaral tungkol sa sakit at mga karamdaman; panay ang pagpapatayo ng mga institusyon, taon-taon, para sa mga di mapagaling-galing.

<sup>26</sup> Pero wala ngang bagay kailanman na dinulog sa harapan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, na hindi Niya kayang bigyan ng lunas. At Siya'y siya pa rin ngayon kung ano Siya kahapon, at magpakailanman. At Kanyang pinatutunayan 'yan. At masasaksihan n'yo 'yan, gabi-gabi. At kung hindi po ganun, may karapatan nga kayong mag-alinlangan.

May nagsabi, "Tumatagal ba ang mga pagpapagaling?"

<sup>27</sup> Tumagal ang mga ito basta't ang pananampalataya ay tumagal. Pero kapag pumalya ang pananampalataya, kung ganoon ang kagalingan mo ay papalya. Masasabi n'yo ba na ang bawat tao na dudulog dito sa altar at mababagong-loob ay magiging Cristiano na sa lahat ng mga araw ng buhay niya? Siya po'y marahil anak ng Diyos sa gabing ito, at bukas naman ay babalik sa pagiging anak ng diyablo. Yan nga'y nangyayari

dahil naiwawaglit niya ang pananampalataya sa Diyos, 'yun ang nagdadala sa kanya pabalik.

<sup>28</sup> At anumang kapangyarihan na magpapagaling sa inyo rito sa entablado ay makakapanatili sa inyong kagalingan. Yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko ang pahayag na ito, na, walang pumaparito na hindi pinagagaling. Pagkalabas dito, 'yan nga'y ayon na sa inyong pananampalataya kung ito ba'y mananatili.

<sup>29</sup> Saksi mismo ako sa mga taong pumupunta sa entablado, ganap na bulag, at pagkatapos ay babasahin ang Biblia na ito doon mismo. Wala pang limang araw, manunumbalik sa kung papaanong bulag sila noon. Kung ganoon paano sila nakabasa dito noon? Napagkilala ng kapangyarihan ng diyablo ang kaloob na 'yun ng Diyos at kaya lumayas ito. Ngayon mabi- . . . may . . . alam ko po na medyo mapangahas ang pahayag na 'yan, pero alam ko kung saan ako nakatindig. At alam ko kung Sino ang sinasampalatayanan ko, at alam ko ang Kanyang kapangyarihan na nakapagpapagaling.

<sup>30</sup> May nagsabi, di pa katagalan noong nasa Phoenix ako, abot hanggang sa mismong kalsada na ang mga pila para sa pananalangin, ang mga tao'y di magkasya sa awditoryum, dun sa pila, may nagsabi, "Di po ba—di po ba kayo natatakot, Kapatid na Branham, na tumayo riyan sa harapan ng lahat ng mga 'yan at sasagi sa iyong isip na may mga kritikong nakatayo riyan at mga tagapag-ulat mula sa pahayagan, at iba pa, na sila nga'y mamumuna?"

<sup>31</sup> Sabi ko, "Hindi ako natatakot basta't nararamdaman ko na nasa malapit lang Siya. Pero kapag di ko Siya nararamdaman, ako'y bababa ng entablado't uuwi."

Wala ngang magagawa ang tao. Ang lahat ay marapat lang na sa Diyos nanggagaling.

<sup>32</sup> Halimbawa na lang, kunin na lang natin . . . sige't pag-usapan natin pansumandali ang tungkol sa kanser. Yun nga'y tila isa sa pangunahing kalaban ngayon. Ano ba ang kanser? Saan ba 'yun galing? Ang tumor, katarata, ulcer, pulmonya, tuberkulosis, lahat ng mga 'yan ay medikal na pangalan na ipinangalan ng siyensiyang medikal. Ang sinasabi ng Biblia'y mga diyablo ang mga ito. Halimbawa na lang, ang kanser, ano ba ang kanser? Nanggagaling 'yun kadalasan sa pasa.

<sup>33</sup> Lahat ng natural na bagay sa lupa ay tumitipo sa espirituwal. Lahat ng nasa natural ay tumitipo sa espirituwal. Alam n'yo 'yan, halos lahat kayo.

<sup>34</sup> Halimbawa na lang, kapag ipinapanganak ang isang sanggol, at kapag ang sanggol ay ipinapanganak sa Diyos. Kapag ang isang sanggol, ang isang bata ay ipinapanganak sa Kaharian ng Diyos. . . Ang sabi ng Biblia, "May tatlo na nagpapatotoo sa Langit, ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo."

35 [May humihiyaw, nang makailang beses na—Pat.] Ngayon, siya po marahil ay may sakit lang o kung ano, kaya ibigay n'yo lang sa akin ang buo n'yong atensyon. Kung mapapalampas n'yo ang mga bagay na ito, baka mapalampas n'yo ang inyong kagalingan, nang tuluyan.

36 “May tatlo na nagpapatotoo sa langit.” Ngayon, sa atin pong . . . Ating pagbabagong-loob. Ang sangkap na nanggaling sa katawan ni Jesus Cristo nung Siya'y mamatay; ay tubig, Dugo, at Espiritu, at itong tatlong bagay na ito ang bumubuo sa bagong Kapanganakan. Tama po ba, mga ministro? Itong tatlong sangkap na ito ang bumubuo sa bagong Kapanganakan; tubig, Dugo, at Espiritu.

37 Yun din ang bumubuo sa natural na kapanganakan, kapag ang isang sanggol ay ipinapanganak. Ano po ang unang bagay? Tubig, dugo, buhay. Lahat ng natural na bagay ay tumitipo sa espirituwal.

38 At ang isang kanser, sa natural. . . Sa espirituwal, siya'y isang diyablo.

Ang tipo niya ay 'yung nanginginain ng patay at 'yung buwitre; kumakain ng mga patay na bagay.

39 Ang kanser na 'yun ay nanggagaling sa isang pasa. Halimbawa na lang, ang kamay ko, wala itong—itong—itong kanser. At marahil mayroon, kung minsan. Buweno, ano ang nagdudulot nung kanser? Isang . . . Isang selyula, isang mikroskopyong butil sa loob ng katawan ko, lumalalang, bukol, o may kung anong tumutubo. At mula sa mikroskopyong butil na 'yun, o selyula, magsisimulang magmultiplika ang mga selyula, magmumultiplika, at mamumuo ang kanser at sisimulan nitong kainin ang katawan.

40 Ngayon, bawat buhay, at bawat katiting na buhay na naroon, ay galing . . . nanggagaling sa isang mikroskopyong butil. Kayo, mismo, ay galing sa isang mikroskopyong binhi ng buhay, galing kayo, minsan haya't isa lang kayong maliit na mikroskopyong binhi, sobrang liit na di nakikita ang mga ito ng natural na mata, galing kayo sa inyong tatay, hindi kayo, wala ni katiting na dugo ng inyong nanay, ang selyulang dugo ay galing sa lalaking kasarian. At pagkatapos mula sa binhi na 'yun, magmumultiplika ang mga selyula. At ang bawat isa'y sa kung anong uri nito; ang isang binhi mismo na galing sa aso ay magiging aso, kung galing sa ibon ay magiging ibon, kung sa tao ay magiging tao. Kung walang gagambala dun, sa programa ng Diyos, kung wala lang gagambala dun, magbubunga 'yun ng ganap, na normal na bata. At ang bata'y lalaki bilang isang ganap, na normal na tao, kung walang gagambala dun. Pero kung may bagay na gagambala dun, kung ganun ay mapapasa-diyablo 'yun na gumagambala sa programa ng Diyos.

41 Hindi binalak ng Diyos na kayo'y magkasakit. Nilikha kayo ng Diyos ayon sa Kanyang larawan. Ang nais Niya'y malusog kayo. Ginagawa Niya ang lahat para panatilihin Niya kayong malusog.

42 At si Satanas ay laban sa inyo. Kaya naman, ang kanser na ito siya'y—siya'y unti-unti, o itong tumor na ito, anuman ito, mula sa isang mikroskopyong butil ito nga'y magsisimulang magmultiplika, gaya ng isang tumor na nagiging mapaminsala, o kung ano pa. Isa'yung katawan, gaya n'yo na isang katawan. May espiritu'yun gaya n'yo na may espiritu, ang kaibhan lang ay wala'yung kaluluwa. Pero may buhay'yun kung papaano nga na kayo'y may buhay. At kaya naman, kung ganun, sa inyo, sa inyong katawan, may dalawang buhay. Ang isa ay kayo at ang isa ay ibang nilalang, na nagmumultiplika ang mga selyula, nagkakaroon ng paglaki ng katawan, gaya ng kung papaanong kayo ay lumalaki sa isang katawan. Tama po ba?

43 Buweno, kung ganun, ano ang nagbubunsod nun? Ang diyablo. Yung—'yung mikroskopyong butil ay isang buhay. Una, ang butil na'yun ay isang maliit na munting selyula na may buhay sa loob nun. At ang buhay na'yun ay maaari lang manggaling sa dalawang pinanggagalingan, maaaring mula sa Diyos o sa diyablo. At nanggaling kayo sa mikroskopyong binhi ng buhay, sa pamamagitan ng Diyos. Ang kanser, tumor, o iba pa, ay galing naman sa binhi ng buhay sa pamamagitan ng diyablo. At sinusubukan nitong mapinsala ang inyong buhay. Kinakain nito ang daluyan ng inyong dugo at—at maraming iba't ibang paraan ang ginagawa nito para mapinsala kayo. Kaya, alam ko na mga diyablo ito. Tinawag ni Jesus Cristo ang mga ito na mga diyablo. At ang sinasabi Niya ay Katotohanan. Ang mga ito'y mga diyablo. Ang diyablo ay nagpapahirap. Ito ay narito para pinsalain ang inyong katawan, para kainin kayo, para sirain kayo, paiksiin ang inyong “tatlong dalawampu at sampu,” sa abot ng makakaya nito.

44 Kaya 'yan ang dahilan kapag ang Anghel na ito ng Diyos ay bababa sa kung saan ako naroon...Wala talaga akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo. Pero 'yan ang dahilan kung bakit sinasabi Niya sa inyo ang uri ng sakit na mayroon kayo sa inyong katawan, dahil ang buhay na'yun ay sakop ng Buhay na ipinadala ng Diyos para talusin'yun. At kasama na rin diyan ang mga bagay na ginawa n'yo sa inyong buhay. Ito nga'y napangyayari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, kaya nasasabi ko kung ito ba'y naroon o kung ito ba'y wala na. At nakikita n'yo ito sa pamamagitan ng mga pisikal na resulta na kitang-kita. Makikita n'yo ang pasyente, kapag ang katawan nito'y tumuwid na't normal na, kung ang mata ba nito'y magmulat, o ang mga tainga nito'y nawala na ang bara.

45 Ngayon ano'yun? Ipagpahalimbawa n'yo na lang ang isang lalaki, gaya ng munting binatilyo rito, o sa palagay ko'y ang

ilan sa inyo ay nakadalo sa tabernakulo mga ilang gabi na ang nakararaan para makita siya. Heto ang litrato rito kung saan inilathala ng *Chicago Tribune*, tungkol sa siyam na pipi, na pinadala nila roon, na galing sa institusyon, ipinanganak na mga bingi't di makasalita, ang isa pa nga sa kanila'y bingi, di makapagsalita't bulag. Ngayon may ilang mga tagapamahala marahil ang binasa na ang artikulo na 'yan sa inyo. Ngayon ang mga taong 'yun, mangyari nga na ang mga diyaryo tulad ng *Chicago Tribune*, sila'y di panatiko. Ang mga kaso na 'yun ay talagang binusisi't sinaliksik nang maigi bago nila ilathala 'yun sa isang diyaryo na tulad nun, ng *Waukegan Sun*, o *Post Dispatch*, o alinman sa mga pahayagan na 'yan. Hindi nga 'yun panatisismo. Hindi ito gawa-gawa lang, na imahinasyong pani-paniwala lang, o isang teorya. Ito'y Kapangyarihan mismo ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat. At narito Siya para kumpirmahin Ito ngayong gabi, at gagawin ito mismo. At sa lalong madaling panahon na ang mga tagapakinig nati'y makadako sa iisang diwa at iisang puso. . .

46 Kung itong—kung itong grupo ng mga nakaupo rito, marahil sila na ipapanalangin sa gabing ito, na lalapit sila sa entablado, haya't kung sila'y makakadako lang sa iisang puso at iisang paglalakip-lakip; ito pong kasunod na limang minuto, wala ni isa sa kanila ang mananatili sa mga silyang de gulong na ito o kinararatayan man. Kung sasampalataya lamang sila na ito ang Katotohanan. At sa kanilang pagdulog nga, isa-isa, sa gabing ito, sa entablado; kung sila, ang bawat isa, ay di mahango mula sa mga silyang de gulong na ito at mga kinararatayan at mga bagay-bagay, at lalakad sa entabladong ito, na normal na, kung ganun ay masasabi n'yo na mali ako.

47 At ibinabaling ko ang lahat sa Diyos, Na, Siya nga'y di nabibigo. Gagaling kayo. Ngayon nandito Siya para ibunsod ang kabutihan ng Kanyang Salita. Bawat Salita na sabihin ng Diyos ay katotohanan mismo. Pero kinakailangan na di kala-kalahati lang ang pananampalataya n'yo Rito; kinakailangan na mapagkilala n'yo Ito.

48 May ilang tao ang lalapit, magsasabi, "Sumasampalataya ako." Iniisip nila na sumasampalataya sila; pero marahil isa lang sa bawat sanlibo ang tunay na sumasampalataya. "Ang pananampalataya ay ang siyang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang katumayan ng mga bagay na di nakikita."

49 Kinokontrol tayo, ang ating katawan, ng limang pandama. Ilan po ang nakakaalam na totoo 'yan? Patingin ng inyong kamay. Limang pandama; paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, at pandinig. Yun ang kumokontrol sa natural na tao.

50 Ngayon may isa pang tao sa kaloob-looban, ang tao ng pananampalataya, ang espiritu. May dalawa itong pandama. Ang isa sa mga ito ay pananampalataya, ang isa naman ay di-



pananampalataya. Na, bumubuo sa ganap na bilang ng Diyos, bilang na pito, na mga pandamang mayroon kayo.

<sup>51</sup> Ngayon, marami sa inyo rito ang tunay nga na umaasa sa lima n'yong pandama. Ngayon pansinin n'yo ito pansumandali.

<sup>52</sup> Puwede ka bang tumayo rito, pansumandali, Dr. Cauble? Ngayon naniniwala ako na may lalaking nakatayo sa harap ko, nakasuot ng amerikanang may kuwadra-kuwadradong disenyo, nakasuot ng salamin, may pulang kurbata. Ilan ang sa tingin nila'y tama ako, patingin ng inyong kamay? Buweno, paano n'yo nalaman na may taong nakatayo rihan? Mangyari nga na nakikita n'yo kasi. Tama ba? Ngayon 'yun lang ang tanging paraan, ang tanging pandama, na mayroon ako ngayon na makapagsasabi sa akin na may taong nakatayo rihan, dahil nakikita ko siya. Ang paningin ang nagsasabi na nariyan siya.

<sup>53</sup> Buweno, hindi ko na siya nakikita ngayon, pero naniniwala ako na nariyan siya. Ngayon sasabihin n'yo, "Kapag nakikita saka maniniwala." Ganun ba? Naniniwala ako na si Dr. Cauble ay nakatayo rihan ngayon, at di ko naman siya nakikita. Dahil may isa pa akong indibiduwal na pandama, liban sa paningin; ang tawag naman dun ay pandama, at nararamdaman ko na nandito siya. At alam ko rin na si Dr. Cauble ito. Hindi si Dr. Bosworth. Dahil, may hawak na munting Biblia si Dr. Cauble sa kanyang kamay, at nandun pa 'yun. Kaya ako...?.. Isang beses sinabi ko rin 'yan at may isa na nagpatayo ng ibang tao sa harap ko. Pero napansin ko nga na si Dr. Cauble ay may hawak na munting Biblia sa kanyang kamay, at kaya si Dr. Cauble 'yun. Ngayon ang tanging paraan para masabi ko na siya mismo ang nakatayo rihan ngayon ay sa pamamagitan ng pandama. At alam ko na tama nga.

<sup>54</sup> Pero ngayon hindi ko na siya hinahawakan. Putol na 'yung pandama na 'yun sa akin, pero alam ko na nariyan siya dahil nakikita ko siya. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>55</sup> Dalawa pong magkaibang pandama 'yan ng katawan na nagsasabi na nandiyam siya. Ang isa dun, nakikita ko siya. Ang isa naman, nararamdaman ko siya. Ngayon may pagkakataon na ganito naman... .

Tumayo ka lang diyan pansumandali, kapatid.

<sup>56</sup> Ngayon may isa pa akong pandama, at 'yun ay pandinig. Magpatunog ka nga ng musika diyan. [Nagsimulang tumugtog ang piyanista—Pat.] Ilan ang naniniwala na may musikang tumutugtog? Patingin ng kamay n'yo. Nakikita n'yo ba? Ilan ang nakakakita sa musika? Naaamoy n'yo ba ito, nalalalahan, nahahawakan? Buweno, papaano n'yo nalaman na musika ito? Mayroon kasi kayong... . Ngayon paano nga kung may tao na wala nitong—nitong pandama na ito ng pandinig ngayon dito? Di nila malalaman na may tumutugtog na musika; patay ang pandama na 'yun sa kanila. Di nila 'yun marinig, kasi wala

silang kakayahan na makarinig. Pero kayo na may pandama na pandinig haya't alam n'yo na may tumutugtog dahil naririnig n'yo ito. Di n'yo nakikita, di n'yo nahahawakan, di n'yo naaamoy, di n'yo nalalalahan, pero naririnig n'yo.

<sup>57</sup> Ngayon ang pananampalataya ay katiyakan ng mga bagay na inaasahan, ang katibayan ng mga bagay na di n'yo nakikita, nalalalahan, naaamoy, o naririnig. Pero ang pandama na pananampalataya ay singtunay ng paningin n'yo, o ng iba pa n'yong pandama. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Sinasampalatayanan n'yo ito, sadyang...Walang makabubunsod sa inyo na pagdudahan ito, dahil mayroon kayo nitong pandama na ito na nagsasabi sa inyo na ganoon 'yun.

<sup>58</sup> Sasabihin n'yo, "Ang kamiseta na 'yan ay puti." Ano kaya kung sabihin ko sa inyo na pula? Aba'y, di n'yo paniniwalaan, dahil puti nga ito. Ang pandama n'yo na paningin ay sinasabi na puti ito. Sinasabi mismo ng mga mata n'yo.

<sup>59</sup> Buweno, ngayon kung sasampalatayanan n'yo, kayo na mga naparito para maipanalangin, sinuman kayo, kung kayo po'y sasampalataya sa gabing ito na kayo'y gagaling, nang sadya ngang may pananalig gaya ng sinasabi ng paningin n'yo na ang kamiseta ay puti, ang gawa'y ipinangyari na mismo ngayon.

Salamat, Dr. Cauble.

<sup>60</sup> Tama. Ang pananampalataya ay ang katiyakan ng mga bagay na inaasam, ang katibayan ng mga bagay na di nakikita, nalalalahan, nararamdaman, naaamoy, o naririnig. Isa 'yung ibang pandama. Nasa ibang kasaklawan 'yun. Hindi 'yun sa natural.

<sup>61</sup> Hindi nga kayo makakapagkamit mula sa Diyos, haya't sa pamamagitan lamang ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga pader ng Jerico'y natibag. Dahil sa pananampalataya ay tumanggi si Moises na tawaging anak siya ng anak na babae ng Faraon. Dahil sa pananampalataya ay nagawa ni Gideon ang ganito-at-ganoon. Dahil sa pananampalataya, ang tanging paraan!

<sup>62</sup> "At kung walang pananampalataya anupa't imposibleng malugod ang Diyos." At kung gusto n'yong malugod Siya, dapat dumulong kayo sa Kanya na may pananampalataya, naniniwala na ang Kanyang Salita ay Katotohanan.

<sup>63</sup> Bakit ako tumatayo rito at sinasabi ang pahayag na ito at sinasabi na walang mapaparito sa entablado ito nang hindi natatalos at sinasabi ang mga sakit, ang mga lihim ng puso? At kahit na gaano pang kalala ang pagkapilay, wala ni isa, na pumaroon sa iba pang mga pagtitipon, na anupa't alam n'yo na sila'y pinagagaling sa tuwina. Bakit? Noong katagpuin ako ng Anghel, sabi Niya, "Kung maibubunsod mo ang mga tao na maging sinsero..." O, "Kung magiging sinsero ka lamang at ibubunsod mo ang mga tao na maniwala sa iyo, wala ni ano

mang bagay ang makahahadlang sa iyong pananalangin.” Akin ngang sinasampalatayanan ’yun. At kung magagawa ko lamang na ibunsod kayo na gawin ang siya ring bagay; ang Louisville, Kentucky ay magkakaroon nga ng pagyuyugyog na hindi pa nangyari noon. Yan po ang hamon.

<sup>64</sup> Mangyari nga na ang sinisikap kong gawin, ngayong gabi, ay—ay magawang makita n’yo kung ano ang ibig kong sabihin. Nang sa gayon sa paglapit n’yo rito, at para mapalaya, tatayo kayo mismo sa Salita na ’yun. Na Siya—Siya ang Dakilang Saserdote ng inyong pagpapahayag. Hindi kikilos ang Diyos hangga’t unang-una ay ihayag n’yo na Siya nga. Pagkatapos kapag nahayag n’yo na, kung ganoon ay sampalatayanan n’yo ’yun, ibunsod n’yo ’yun at manatili roon, at dadalhin kayo ng Diyos na mapalaya. Kayo ba’y sumasampalataya riyan? Tunay.

Dito di pa katagalan sa may Fort Wayne, Indiana . . .

<sup>65</sup> Siyanga po pala, may munting pahayag ako roon, Dr. Bosworth, sa bulsa ng dyaket ko, dadalhin nila ito sa iyo, ukol dun sa—sa pagtitipon na pinanggalingan natin, sa *We The People*. Sa pagkakaalala ko tungkol dun sa munting bulag na batang babae, na inilathala nila ang tungkol dun. Lalabas ’yun sa *We The People* ngayon, isang aklat na ipinapadala sa buong mundo, tungkol sa isang tagapag-ulat sa diyaryo na sumulat ng mapagpunang pahayag, sabi, “Nag-aangkin ang batang babae na pinagaling daw siya, at kahit di naman.” At ’yung munting batang babae ay mayroon ngang mga sulat-pahayag mula sa doktor, at iba pang gaya nun, at inilathala ’yun. At sinuri nila ’yun, at ngayon ay naroon na ’yun sa *We The People*. Kikilos at kikilos ang Diyos, at walang makakapag. . . Sige’t ipababasa ko ito kay Dr. Bosworth sa inyo, marahil, sa gawain bukas ng hapon. Kapapadala lang ’yun dun ng diyaryo ng Fort Wayne.

<sup>66</sup> Gng. Bosworth, dun po sa pagtitipon; may kung anu-ano dun na bulungan, may ilan sa kanila na nagsasabi. . . May isang lalaki roon na may multiple sclerosis, paralisado nang sampung taon. At kumalat ang pagka-paralisado niya, na umabot na dun sa kanyang gulugod. Isa siyang negosyante sa siyudad. At di nila alam. . . Pinaupo nila siya roon. At nasaksihan nila na marami sa mga naka-silyang de gulong, at mga taong nagdadalamhati, ang pinagaling. At nung gabi na ’yun, isang munting batang babae na duling sa likod ng gusali ang nakasaksi sa maraming mga tao na pinagaling, na mga duling din.

<sup>67</sup> Wala pa akong nakikitang duling na bata na lumapit sa entablado na anupa’t pinagaling mismo. At sumaksi nga kami sa higit tatlong daang kaso ng mga duling, na pinagaling, sa kulang-kulang na anim na buwan. Mayroon nga kaming tala nun. Apatnapung libong patotoo ukol sa mga maysakit, may petsa, na pinagaling, may mga makakapagpatotoo, pirmado mismo ng mga doktor, at kung ano pa.

68 Narito na ang oras, mga kapatid. Narito na ang oras. Sasabihin ko ito, at puwede n'yo akong bansagan na panatiko, kung gusto n'yo. Naniniwala ako na ipinapahiwatig nito ang ikalawang Pagparito ni Jesus Cristo. Amen. Dahil, magkakaroon ng mga tanda't mga kababalaghan. At ang punto rito, kung wala pa kayo sa Kaharian ng Diyos, magtumulin kayo patungo Rito. Tunay naman na may ilang kaalaman ako sa sinasabi ko, o kung hindi'y hindi kikilalanin ng Diyos ang pananalangin ko na mapangyari ang bagay na ginagawa Niya. At kayo na mga nasa labas ng Kaharian, sikapin n'yong si Cristo'y maging kublihan n'yo ngayon, habang may oras pa at habang mayroon pa kayong pagkakataon.

69 Hinding-hindi ko makakalimutan ang pahayag na 'yun. Isang beses nakatayo ako noon sa . . .

70 Siyanga po pala, tapusin ko lang 'yung ikinukuwento ko sa inyo tungkol dun sa munting batang babae sa Fort Wayne. Sinabi sa kanya ni Gng. Bosworth, sabi, "Tha . . ." Nagbebenta siya ng mga babasahin, sa likuran ng gusali.

71 Lumabas ang batang babae roon, umiiyak, sabi, "Gng. Bosworth," ang asawa po ni Kapatid na Bosworth, sabi, "nakita ko po 'yung lahat ng mga duling na pinagaling," ang batang babae nga'y isang dalagita, mga disi otso ang edad, kalunus-lunos ang pagkaduling niya. Sabi, "Kung maaari lang po na inyong . . ." Sabi, "Kung maaari lang akong makapasok at makapila sa pila para sa pananalangin! Pero di po talaga ako makakuha-kuha ng card."

72 Si Gng. Bosworth, sa awa, nilapitan 'yung bata. Sabi niya, "Tha, kung lalakad ka lang dun sa dakong 'yun sa likod kung saan makikita mo siya, at tunay na . . . Huwag—huwag lang guni-guni. Bagkus manampalataya ka nang buong puso mo na 'yun ay kaloob ng Diyos, sinisigurado ko sa iyo tatawagin ka niya sa ilang minuto."

73 Nananalangin ako noon para sa mga maysakit sa ibabaw ng entablado, nakatalikod nga ako roon sa batang babae. Bigla na lang, naramdaman ko 'yun na humihipo, kumikilos na pananampalataya. Tumingin ako sa paligid, at di ko mahagip kung nasaan ba 'yun, napakarami kasing nakatayo at talagang siksikan ang mga tao. At alam ko na nanggagaling 'yun sa isang dako roon, at sinusubukan kong talusin kung anong uri ng espiritu 'yun. Kita n'yo, ang pananampalataya ng batang babae'y umabot pataas sa ganoong antas.

74 At nung pagbaling ko, sa wakas nakita ko siya. Oh, ang layo nga'y dalawang beses sa gusaling ito, nakita ko kung nasaan siya. Nakasuot ang dalagita ng berdeng balabal. Sabi ko, "Ang kabataang babae na nakatayo riyang, na duling, at ang suot ay berdeng balabal, huwag kang matakot. Pinagaling ka na ng Diyos." Yung mga mata niya'y naging ganap na normal mismo.

Mangyari nga na isa 'yan sa libo-libong kaso na ganun ang nangyari.

<sup>75</sup> Ngayon heto, kung maibubunsod lang natin ang pagtitipon, kung kayo na mga narito ay sama-samang magagawa n'yo at maiwawaksi kung ano ang iniisip n'yo tungkol sa kung *ano ba ito, iyon*, na isantabi lang 'yan. Huwag po kayong dumulog na parang nakikiusyoso lang. Dumulog kayo na sumasampalataya at saksihan kung ang siya ring mga bagay na 'yun ay hindi ba't nangyayari mismo dito sa loob ng gusali.

<sup>76</sup> Nung unang beses, na makatagpo ko si Dr. Bosworth, dito, ay sa Miami. Nagdadaos kami ng pagtitipon doon. Si Dr. Bosworth, kilala maging sa ibang bansa, apatnapung taon ang karanasan sa pagtuturo ng Makalangit na kagalingan. Alam niya na isang araw ay ipadadala ng Diyos ang—ang kaloob na ito sa iglesia. At nung mabalitaan niya na naroon ako, sa isip-isip niya noon, “Buweno, heto na naman, isa na namang lalaki na nangangaral tungkol sa Makalangit na pagpapagaling.” Dumalo siya sa pagtitipon nung isang gabi. At bahagi nung pagtitipon . . . Nagpapapila kami, 'yun bang tinatawag nila, na mabilisang pila; libo-libo po ang nakatayo.

<sup>77</sup> Nung hapon, dalawang munting batang lalaki sa WBAY, na istasyong pagsasahimpapawid, ang kinapanayam, ipinanganak silang bulag. Dalawa sila na nakamtam ang kanilang paningin, at pinapunta nila sila doon sa istasyon ng pagsasahimpapawid, kinapanayam.

<sup>78</sup> Mangyari nga na si Kapatid na Bosworth ay nagpunta roon sa pagtitipon. At mangyari nga, na habang inuumpisahan 'yung mabilisang pagpapapila, nasa ilang makalibo ang kailangang dumaan nung gabing 'yun; anupa't papatungan lang sila ng mga kamay habang dumadaan sila, nang apat-apat.

<sup>79</sup> May munting batang babae silang inalalayan dun. Hinding-hindi ko nga makakalimutan ang bata na 'yun. Kalugud-lugod na munting bata. Maliit siya, kulay olandes ang buhok na batang babae; nakausli ang isang ngipin sa harap; at may kaunting, bagong kaunting manikyur sa kanyang buhok, o kung ano 'yung tawag n'yo dun sa bagay na inilalagay ng mga kababaihan sa kanilang buhok. Inalalayan nila siya . . . Siya nga'y may bakal, doon sa kanyang—kanyang munting baywang pababa. At inalalayan nila siya sa linya, at pinatungan ko siya ng kamay. Bumaba na siya ng entablado, at inalalayan nila siya pabalik sa linya. Naku, kahabag-habag na munting bata! At pabalik-balik siya. At may aalalay nga sa kanya pabalik sa linya, at papatungan nila siya ng kamay. At sa tuwing siya'y paulit-ulit na pumipila, tumingin siya sa itaas, may munting parang ngiti na ngiwi, alam n'yo, at nakausli 'yung isang ngipin na 'yun.

At May biglang nagsabi, “Pahintuin mo ang bata.”

<sup>80</sup> Sabi ko, “Iha...” Nakita ko na wala siyang pananampalataya para mapagaling nung oras na ’yun.

<sup>81</sup> Pero, nakita n’yo, para dun nga ang kaloob na ’yun. Dito sa may entablado, kung napapansin n’yo kung paano Siya, kung minsan, na kailangan mong may gawin. Sinasabi ng mga tao, “Oh, nananampalataya ako, Kapatid na Branham.” Pero heto nga sila, sa ibaba *rito*; at ang dapat sana’y nandito sila, sa itaas *dito*. Buweno, ’yung mga bagay na ’yun na tatalusin ang mga sakit nila’t mga lihim ng kanilang puso, ang pananampalataya nga’y tumataas hanggang sa mapaniwala ko ang tao sa akin.

<sup>82</sup> Yun ang bagay na sinabi Niya, “Kung maibubunsod mo ang mga tao na maniwala sa iyo, kung ganoon ay maging sinsero ka lang sa tuwing mananalangin ka, walang demonyo ang maaari ngang makahadlang dun, kung ganoon.” Kikilalanin at kikilalanin nito ang Panginoon. Kung ganoon... At alam ko na sinabi Niya ’yun sa akin.

<sup>83</sup> At kung maibubunsod ko ang isang pasyente na dumako sa isang punto na ’yun na ang kanilang pananampalataya ay aabot sa ganito, ’yun ang nagbibigay sa akin ng sakdal na pananampalataya. Di ko pa ’yun nakita kailanman na nabigo. At hindig-hindi ’yun mabibigo. Hindi ito mabibigo.

<sup>84</sup> At mangyari nga na ’yung batang babae, inalalayan nila siya, sabi ko, “Iha, tumayo ka sa likod ko.” At tumayo siya dun, inaalalayan ko siya, nakahawak siya sa laylayan ng amerikana ko. Sabi ko, “Manalangin ka, iha.” At iniyuko niya ang munti niyang ulo, nanalangin.

<sup>85</sup> At nakaupo noon si Kapatid na Bosworth, inoobserbahan niya ang lahat ng ito, medyo may pag-aalinlangan pa siya. At kanya ngang pinapanood, dahil nandun lang siya sa isang dako, pinapanood ang dulo ng gawain na idinadaos. At ang batang babae... Huling gabi na ’yun noon, sa pagkakaalala ko.

<sup>86</sup> At nakahawak siya sa amerikana ko, at patuloy lang ako sa pananalangin. Nakalimutan ko saglit ang tungkol sa bata. Ako nga’y bumaling uli, sabi ko, “Iha, ituluy-tuloy mo lang ang pananalangin mo,” parang ganun.

<sup>87</sup> At ilang saglit pa, unti-unti kong nararamdaman ang pananampalataya na ’yun na nagsisimulang humipo, na parang pintig ng puso, na pumipintig, pumipintig, pumipintig. At nung unti-unti nang... [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]... kumilos nang paganoon, bumaling ako sa kanya. Sabi ko, “Ngayon, iha,” at ipinatong ko ang mga kamay ko sa kanya at humiling sa Panginoong Jesus.

Sabi ko sa nanay, sabi ko, “Ngayon alisin n’yo ang bakal sa kanya.” Sabi niya, “Pero, Kapatid na Branham, naku po, baka siya...”

<sup>88</sup> Sabi ko, “Huwag po kayong mag-alinlangan, ginang. Gawin mo lang ang sinabi sa iyo na gawin.” Lumakad siya dun papalapit at inalis ’yung bakal sa bata.

<sup>89</sup> Heto na siya na bumaba na’t hawak-hawak ang malalaking bakal na ’yun, sa harap ng mga taong naroon nang paganoon; ganap na normal na, sadya ngang normal, ang munting mga binti na ’yun. Tama ba, Dr. Bosworth? [Sinababi ni Kapatid na Bosworth, “Amen.”—Pat.] At pinagpatuloy ang pagtitipon. Ilang sandali pa, tuluy-tuloy lang ako . . .

<sup>90</sup> Oh, mga doble ang layo, o marahil higit pa, ng gusaling ito, sa ilalim ng malaking tolda na ’yun kung saan nakatayo ang mga tao, abot-abot ang pila hanggang sa daang-bayan na mismo, doon sa Princess Gardens.

<sup>91</sup> Tapos dun sa loob, tuluy-tuloy lang ako, may naramdaman akong lumukob, bigla, na naman, *whew, whew*. Sigurado akong pananampalataya ’yun. Di ko lang masabi noon kung saan ’yun nanggagaling. Lumilingon ako nang lumilingon, hinahanap ko; pero mabilis ngang dumadaan ang mga tao, at may mga nag-iiyakan, na maaantig ka talaga at kung ano pa.

<sup>92</sup> Ilang saglit pa, namataan ko Yun, doon sa likod na likod, sa isang lalaki na nakasuot ng puting kamiseta. Naghintay ako, sinuri ko kung anong uri ng espiritu ang tumatali sa lalaki. Ang lalaki po’y pilay. Nahulog siya mula sa isang kabayo, mga ilang taon bago ’yun. Isa siyang negosyante sa Miami. Pilay ang kamay niya, at ang braso niya, ay naka-*paganoon*. Nagpunta siya roon na isang kritiko, para punahin ang pagtitipon. At pagkatapos nga’y unti-unti na siyang nagkakaroon ng pananampalataya.

<sup>93</sup> Huminto ako at sabi ko, “Ginoo, diyan sa likod na likod, ika-apat mula sa hilera, sa direksyong *ito* papuntang likod, na may puting kamiseta, na suot, tumayo ka. Pinagaling ka ni Jesus Cristo.” At nung tumayo siya, itinaas nga niya ang mga kamay niya. Yung asawa niya na de kolorete ang mukha, iisipin n’yo na holy-roller siya, gaya ng nabanggit ng munting kapatid na lalaki nitong umaga sa pagsasahimpapawid, kapag narinig n’yo ang hiyaw niya. Hayun nga ang lalaki, ganap mismo na pinagaling.

<sup>94</sup> Siniyasat ni Kapatid na Bosworth ang pangyayari na ’yun, tapos nilapitan niya ako. Tinanong niya muna ’yung lalaki tungkol dun. At nung lumapit na siya para alamin, sabi niya, tinanong niya ako, sabi, “Paano mo nalaman na ’yun ’yung lalaki na ’yun?”

<sup>95</sup> Sabi ko, “Ginoo, bigla po akong nanghina. Alam ko na nanggagaling ’yun sa kung saang dako.”

<sup>96</sup> Tapos sabi niya, lumapit mismo sa mikropono, sabi niya, “Patunay ’yan na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Yan ang patunay.” Sabi, “Ngayon, ang kaloob na naroon kay Jesus Cristo ay maihahambing sa isang buong lawak na karagatan sa isang dako, na humahampas sa

dalampasigan. Ang kaloob na ito na nasa ating kapatid ay maihahambing sa isang sangkutsara ng tubig na sinalok mula roon. Pero haya't ang siya ring mga sangkap na nandun sa sangkutsara ng tubig, ay siya ring uri ng sangkap na nasa buong lawak na karagatan." Siyanga.

<sup>97</sup> At makakaramdam ako—makakaramdam ako ng panghihina. At hayun nga ang lalaki na ganap na pinagaling.

<sup>98</sup> Ngayon nangyari po 'yan nang daan-daang beses. At may mga tao sa gusaling ito, naniniwala ako, nakadalo na sa ganitong mga pagtitipon, na nasaksihan mismo ito. Mayroon ba ako ritong mga kaibigan na nakadalo sa ibang mga pagtitipon, na sila'y makakapagpatotoo at sasabihin na ito'y katotohanan? Itaas n'yo ang inyong kamay kung nandiyan kayo. Ngayon kita n'yo na. Ang sabi ng Biblia, "Sa bibig ng dalawa o higit pang saksi."

<sup>99</sup> Ngayon, mangyari nga, na maaaring makamit n'yo ang siya ring bagay na ito dito sa Louisville. Wala ngang katuwiran na mailalahad na may isang uuwi mula rito na anupa't di ganap na pinagaling. Marahil wala po akong oras dito sa entablado para sa lahat, pero ang bawat isa po'y makakapagkamit ng pakinabangan mula rito. Kung mapapatunayan ng Diyos ang Kanyang Sarili rito na Diyos, at pagtitibayin ang sinabi ko na ito'y katotohanan, kung ganoon ay sampalatayanan n'yo ang Diyos. Tapos ibunsod n'yo na kumilos ang pananampalataya n'yo, at ibunsod n'yo ang pananampalataya n'yo bilang buhay na pagkilos, at kikilos ang Diyos sa inyo diyan mismo, at kayo ay pagagalinging maigi.

<sup>100</sup> Sa Hot Springs, ngayon, sa may. . . Sa pagkakaalala ko sa may Little Rock. Isang gabi dumagsa ang mga ambulansya't, ang hilera'y binarahan ang mga kotse sa daan. Kinailangan nilang ipadala ang mga pulis dun para patabihin sila sa kanto, sa ilalim lang nung kastilyo sa Hot. . . sa Rock. . . Little Rock, Arkansas.

<sup>101</sup> Isa po si Rev. G. Brown sa mga pastor na naroon noon. Kung nais n'yong makuha ang patotoo niya, sulatan n'yo lang si Rev. G. H. Brown, 505 Victory Street, Little Rock, Arkansas, at pakinggan n'yo ito. Haya't ang kapangyarihan ng demonyo! At sadyang. . . Yun po'y ikaapat o ikalimang pagtitipon ko pa lang noon, lampas na ng alas onse; namamanhid na nang husto ang kamay ko.

<sup>102</sup> Kung minsan umuuwi po ako, na 'yung kamay ko'y grabe ang pagkamanhid, ngalay na ngalay, na kinakailangan kong buhusan 'yun ng tuluy-tuloy na mainit na tubig nang halos kalahating oras, para ipanumbalik 'yung pakiramdam nun uli, sa pisikal. At may relo; hahawakan ko ang kamay ng isang tao, habang naroon 'yung relo, tapos pahihintuin nun ang relo sa pag-ikot. May Longines na relo po ako ngayon dito, kagagalang lang sa pagawaan. Hinawakan ko 'yun. Kung ano 'yung pisikal



na reaksiyon nun, o kung ano 'yung mekanikal na bagay na ginagawa nun, di ko alam.

<sup>103</sup> Pero sabi ni G. Brown, “Magpunta ka sa ilalim na silid, Kapatid na Branham, ng awditoryum.” Sabi niya, “May kaso ako roon sa ibaba na di mo pa nakikita kailanman.” Buweno, bumaba ako habang nagpapahinga ako.

<sup>104</sup> Marami na akong nakitang kalunus-lunos na eksena, pero wala pa akong nakitang gaya nun. Nakapunta na ako sa mga institusyon kung saan ang mga kabataang babae’y ginagamit 'yung mga arinola’t, idinidikit sa kanilang mukha, nababaliw. Marami na akong nakitang kalunus-lunos na mga bagay, pero wala pang katulad nito. Nakahiga dun sa sahig ang isang babae na mga trenta ang edad, trenta y singko, mukhang malakas na babae. At 'yung kanyang—kanyang mga binti’y nakataas nang *paganito*, at nagdudugo ang mga 'yun.

<sup>105</sup> May lalaki na nakatayo roon sa hagdan, isang maginoo na Arkansan na kapatid na lalaki na nakasuot ng overall, at asul na kamiseta. At, mga kaibigan, sasabihin ko ito, kung minsan ang pinaka mainam na mga puso’y pumipintig sa ilalim nun. Ganoon nga. Tootoo 'yun, naniniwala ako. Ayaw ko—ayaw ko ng kunwa-kunwarian lang. Ang gusto ko—ang gusto ko ay tapat na makalumang lalaki’t mga babae, siyanga; iniligtas ng Diyos, na dalawang beses ipinanganak. At nakatayo roon ang lalaki, suot-suot 'yung luma’t nangungupas niyang damit. Tapos sabi ko . . . Lumapit ako.

Sabi ko, “Kumusta po?”

Tapos sabi niya, “Magandang gabi. Kayo po ba si Kapatid na Branham?” Sabi ko, “Opo, ako po.”

Sabi, “Naisip ko nga po na kayo.”

<sup>106</sup> Abot din dun sa ibaba 'yung PA system. May grupo sila dun ng mga baliw sa isang gilid.

<sup>107</sup> Pero walang makapagpakalma sa babaing ito. Kinailangan pa ng walo o sampung lalaki para madala siya roon. Di nila siya madala sa loob ng ambulansya. Hindi nila siya maisakay sa ambulansya. At may pinadala sila roon na isang kotse, at pinagsisipa lang nung babae ang salamin nung kotse, at 'yung mga kalalakihan nga’y pinakakalma siya sa loob ng sasakyan. At hayun nga ang babae, ang likod ay nasa sahig. Binigyan siya ng doktor kung ilang iniksiyon. Yung maagang menopause niya ang dahilan kung bakit siya nagkakaganoon. At hayun nga siya, ang likod ay nasa sahig.

<sup>108</sup> At sabi ko, “Buweno, lalapit lang ako dun at titingnan ko kung may mararamdaman ba akong pintig.”

<sup>109</sup> Sabi nung lalaki, “Kapatid na Branham, naku huwag kang lalapit dun.” Sabi, “Papatayin ka niya.”

Sabi ko, “Oh, sa tingin ko hindi naman,” parang ganoon.

110 At lumapit na ako. Nakahiga siya roon, nakatingin sa akin, pakurap-kurap ang mata, nakatitig. At sabi ko, “Magandang gabi po.” Walang imik ’yung babae. Hinawakan ko ang kamay niya. Sabi ko, “Magandang gabi po.”

111 May nagsabi, “Hindi po alam ng babae maski ang pangalan niya, Kapatid na Branham. Dalawang taon na pong hindi niya alam.”

112 Tapos hinawakan ko siya sa kamay. At sa biyaya na rin ng Diyos haya’t alerto ako. Parang hinaltak niya ako gamit ang dalawa niyang kamay, nang *paganoon*, at muntik na niyang baliin ang mga buto ko sa katawan. At naiapak ko ang paa ko sa sahig nang mariin at nasalag ko siya sa bandang dibdib. Ako nga’y bigla na lang niyang hinatak. Buti’t nakawala agad ako sa kapit niya. At nung umiwas na ako’t lumayo sa kanya, para humakbang dun sa hagdan, nakakita ako ng isang eksena na wala pa akong nakikitang ganoon kailanman. Yung babae, na ’yung dalawa niyang binti’y nakataas sa ere, nang *paganito*, hinahabol ako, habang gumagapang siya, na parang isang ahas. Mauulinigan mo siya na gumagapang nang *paganoon*, sa sahig.

113 Ngayon, ang diyablo po ’yun. Tawagin n’yo na, ang gusto n’yong itawag dito, pero ang babae pong ’yun ay inaalipin mismo ng diyablo. Sumugod siya sa akin habang gumagapang na ang likod ay kumikiskis sa sahig, na parang isang ahas, at nakalapit siya roon at tumama siya sa gilid na ’yun ng sahig nang *paganoon*. Pumaikot siya, idinantang niya ang malalaki’t malalakas niyang bisig sa may . . . sumikad nang *paganoon*. May bangko roon. Hinampas niya ’yun gamit ang kanyang ulo; tumalsik ang dugo mula sa gilid ng ulo niya. At—at natapyasan niya ’yung bangko nang kaunti. Tapos sinunggaban niya ’yun ng kamay niya, inihagis sa kanyang asawang lalaki at tumama sa dingding. At natuklap ’yung palitada sa dingding, kung saan niya pinatama ’yun nang talagang ubod ng lakas . . . Baliw; dalawampung beses na mas malakas, marahil. At hayun nga ang malaking . . . Malaki ang katawan niya, malakas na babae, kung tutuusin.

114 At pagkatapos bigla na lang siyang ngumitngit ng sadyang kakatwang ingay, parang, “E-e-e-e-e-e, eeeee,” para pong ganoon. Tumingin ako sa kanya, at sa isip-isip ko, “Aba, wala pa akong nakikita na gaya nito . . . Mahabag sana ang Diyos sa kaawa-awang tao na ito na inaalihan nang gaya nun!”

115 At umiyak ang asawa niyang lalaki. Lumapit siya sa akin at iniakbay ang kanyang mga kamay sa akin, ang kanyang mga bisig sa akin, sabi, “Kapatid na Branham, ngayon masasabi n’yo po ba na walang pintig?” Sabi, “Di ko na po talaga alam ang gagawin ko.” Talagang humagulgol ang lalaki, umiyak nang husto. Sabi niya, “May limang maliliit na anak po siya sa bahay.” Tapos sabi, “Ako—ako . . . Siya po’y isang mabait na babae sana.”

Sabi, “Nag-aararo pa nga siya ng mga tingkal na lupa at tinutulungan ako sa pag-aalaga ng mga tanim na bulak.” Tapos sabi, “Nung siya nga’y lukuban nung sakit,” sabi, “Ginawa ko na ang lahat ng magagawa ko. Ibinenta ko—ibinenta ko ang bukirin ko.” Tapos sabi, “Para madala lang po siya rito, Kapatid na Branham, ang natitira na lang po sa akin, ay isang pares ng kabayong mola. At ibinenta ko pa nga sila, para maimaneho siya ng kapatid nang dalawang daang milya, para madala siya rito. At ngayon kanya pong pinagsisipa ang salamin ng kotse, at kaya ang mga binti niya’y dumudugo.” Sabi, “Dalawang taon na pong hindi siya nakakaalis sa pagkakahiga na ’yan, at di niya rin alam ang sarili niyang pangalan.”

Sabi ko, “Buweno, kapatid, siguradong, mapapagaling siya ng Diyos.”

<sup>116</sup> At nung sandali na ’yun bumaling ang babae. Sabi niya, “William Branham, wala kang kinalaman sa akin. Dinala ko ang babaing ito rito.”

Sabi ng lalaki, “Naku. . .”

<sup>117</sup> Sabi ko, “Hindi siya ’yan. Ang diyablo ang nagsasalita na ’yan sa kanya.” Ganoon nga. Nakikilala nila. Nalalaman nila.

<sup>118</sup> Sabi ng lalaki, “Naku, Kapatid na Branham, ’yan po ang unang salita na nasabi niya sa loob ng dalawang taon.”

<sup>119</sup> Sabi ko, “Ginagamit lang ng diyablo ang mga labi niya, parang ’yung kaso noon ni Pulutong.”

<sup>120</sup> Gumapang ang babae nang paganoon papalapit sa akin, sabi, “Wala kang kinalaman sa akin.” Gumagapang nang paganoon.

<sup>121</sup> Sabi ko, “Kapatid, naniniwala ka ba dun sa kuwento na narinig mong sinaysay ko tungkol sa pagdating ng Anghel na ’yun?”

<sup>122</sup> Sabi ng lalaki, “Nang buong puso ko po,” sinabi niya ’yun, habang iniyayapos ang kanyang mga braso sa akin.

<sup>123</sup> Lumakad ako papunta sa sulok na hagdan, at nanalangin ako nang buong puso ko, sa Panginoong Jesus. Sabi ko, “Diyos, tingnan Mo po ang kaawa-awang babae na ito; may lima siyang maliliit na musmos na mga anak sa bahay, walang nanay, ang isa pa’y sumususo na sanggol.” Sabi ko, “Ano po kaya ang mangyayari? Oh Diyos, mahabag Ka!” At dumating ang Espiritu ng Panginoon. At hiniling ko sa diyablo na lisanin ang babae.

Bumaling ako, sabi ko, “Ngayon sumasampalataya ka ba?”

<sup>124</sup> Sabi nung lalaki, “Nang buong puso ko. Ano pong gagawin ko sa kanya Kapatid na Branham?”

<sup>125</sup> Sabi ko, “Isama mo na siya pauwi. Isama mo siya pabalik sa sanatorio.” Sabi ko, “Kung di ka mag-aalinlangan sa isa mang

bagay na sinabi ko sa iyo, antabayanan mo mismo kung ano ang mangyayari.”

<sup>126</sup> Dalawang buwan matapos 'yun, nasa Jonesboro, Arkansas po ako, doon nga'y maraming mga bagay ang ipinangyayari. Nasa dalawampu't walong libong tao ang nagtipun-tipon sa bayan. At nangungusap ako noon, at nakita ko, nakikipagsiksikan o kumakaway sa akin, ang isang babae. Sabi ng babae, “Hindi mo ba ako nakikilala, Kapatid na Branham?”

<sup>127</sup> Sabi ko, “Hindi, po.” Kumakaway nga siya nang paganoon, at ang lahat. . .

<sup>128</sup> Sabi, “Ako. . . Pasensya na po, makikiraan lang po ako.” Sabi niya, “Gusto ko lang makita ka.”

<sup>129</sup> At may nakita ako na tumatawa; ang asawa niyang lalaki. At hayun nga ang babae, na normal na normal mismo't nasa tama na niyang pag-iisip, kasama ang lima niyang maliliit na anak, ganap na magaling na magaling mismo.

<sup>130</sup> Naibalik nila siya. Ni minsan ay di na niya sinipa ang kotse, sa pagbalik. Ibinalik nila siya sa selda na nakukutsunan ang mga dingding. Nung ikalawang umaga, pumasok sila dun para pakainin siya, at nakaupo na siya. At nung ikaapat, ikatlo o ikaapat na umaga, pinauwi na nila siya bilang magaling na, at pinauwi na siya sa kanyang mga anak. “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

<sup>131</sup> Tingnan n'yo, mga kaibigan, mas napagkikilala pa ng mga demonyo ang Kapangyarihan ng Diyos kung minsan kaysa sa napagkikilala ng mga ministro, at mga Cristiano. Alam n'yo ba 'yan? Mas madalas. Basahin n'yo ang Biblia.

Haya't sinabi ng saserdote, “Oh, Siya ay Beelzebub.”

<sup>132</sup> Ang sabi ng diyablo, “Nakikilala namin kung Sino Ka, ang Anak ng Diyos, ang Isang Banal ng Israel.” Tama ba?

<sup>133</sup> Naalala n'yo ba sina Pablo at Silas, nung sabihin ng mga ministro na mga impostor sila? Pero ang munting manghuhula ng kapalaran ay sinabing sila'y mga tao ng Diyos, na sila'y may daan ng Buhay.

<sup>134</sup> Kung di ako nagkakamali, si Rev. Hooper, na taga-Phoenix, Arizona, na nakaupo sa likod ng gusali, mapapatunayan niya ang pahayag na 'yan. Hindi ba't nandun ka nung gabing 'yun, Rev. Hooper? Hayan po ang isang lalaki na nandun mismo nung mangyari ang bagay na 'yun. Sulatan n'yo si Rev. G. H. Brown, 505 Victory Street, Little Rock, Arkansas, at tanungin n'yo siya kung anong patotoo niya. Hayaan n'yong ipadala niya sa inyo. . . Hayaang ang sanatorio na mismo ang magpatotoo nun. Isa lang po 'yan sa mga libo-libo.

<sup>135</sup> Sige't isa pa po. Nung sumunod na araw pagkatapos nun, ang Anghel ng Panginoon ay pumaroon sa gusali. . . At sige

po't pagkatapos lang nito'y sisimulan ko na ang pila para sa pananalangin.

<sup>136</sup> Papunta ako—papunta ako noon sa El Dorado. Ako nga'y may idadaos noon sa karerahan ng dalawang gabi; nung ako nga'y papaalis na rito, magpupunta ako noon ng Shreveport, at pagkatapos sa El Dorado, at sa iba pa. Ako—ako'y naroon sa isang munting simbahan. Sabi nila, “Kung maaari lang po sana na kayo'y mangusap sa simbahan na ito . . .”

<sup>137</sup> Libo-libo ang nagtungo sa siyudad. At 'yung tagapag-ulat ay napagbagong-loob; sa litrato na ito, at 'yung tagapangasiwa ng—ng hotel; pareho nang sabay. Nagnais sila na malaman kung paano masusumpungan si Jesus. Miyembro sila ng mga iglesya nang maraming taon; pero nung masaksihan nila mismo ang gawa ng Diyos, na ang Diyos ay kumikilos talaga, sa gitna ng Kanyang mga hirang. Inimbitahan nila ako sa isang—isang—isang maliit na silid. At ako'y nangangaral noon.

<sup>138</sup> At nung lumabas ako, may apat na lalaking nakaantabay sa gilid ko, dumiretso na kami sa pinto. At ang mga tao roo'y nakatayo lang sa ulan, may taklob-taklob na katsa sa ibabaw ng mga mahal nila sa buhay at lahat, bloke-bloke ng siyudad ang pila, ng mga taong naghihintay; walang bahay na matuluyan, wala, kahit masisilungan man lang, walang mapuwestuhan nang maayos, wala ni mga pribadong bahay. May mga diyaryo lang silang inilatag, may taklob-taklob na katsa, kapag biglang aambon, nandun pa rin ang munting mga bata na pilay, haya't hinihintay na sila naman ang makapasok dun sa pila para sa pananalangin. Sinasabi ko sa inyo, kapatid, mga tao 'yan na talagang iniibig ang Diyos. Tama. Hinding-hindi mawawaglit sa isip ko. Napakaraming kababalaghang bagay, na mga himala ang nangyari, doon sa pila. Papasok pa lang ako ng gusali, ang mga tao'y nagsisipag-iyakan na, nakikipagsiksikan, sinusubukang makadako dun sa dako kung nasaan siya, nang paganoon. Inaayos nila 'yung pila na umusad sa may kotse.

<sup>139</sup> Dinig na dinig ko na may walang tigil sa paghiyaw ng, “Habag! Habag! Habag!”

<sup>140</sup> At tumingin ako sa paligid. Naririnig ko nga 'yun na nanggagaling sa kung saan, mistula ngang may lumulukso sa puso ko. Tumingin ako. Nakatayo roon sa isang gilid. . . Sa Arkansas po may—may batas sila, na 'yung itim at ang puti'y di puwedeng magsama. Haya't nakatayo nga sa kabilang gilid ang isang itim na lalaki, may munting sumbrero na hawak niya sa kanyang kamay, nakatayo siya sa ulan, at tumatama 'yung ulan sa mukha niya. Ang asawa niyang babae'y humihiyaw ng, “Habag! Habag! Habag!”

<sup>141</sup> Naisip ko ang tungkol kay matandang bulag na Bartimeo. At ako'y nagpatuloy lang, at mistula ngang may Bagay na nagsasabi sa akin na huwag ko 'yung balewalain. Daan-daan ang mga tao

dun, nagsisiksikan. Sabi ko, “Gusto kong pumunta roon sa kung saan naroon ang lalaking itim.”

<sup>142</sup> Sabi nila, “Kapatid na Branham, di po puwede.” Dalawa sa kanila ay pulis. Sabi nila, “Baka magpasimula ka ng gulo sa magkabilang grupo kung ganoon.” Sabi, “Hindi po puwede.”

Sabi ko, “Pero sinasabi sa akin ng Panginoon na pumunta dun sa lalaki.”

<sup>143</sup> At kaya pumasok lang ako dun sa pagkakakordon sa isang gilid at nagpunta roon. Pumaikot sila. At narinig ko ang babae na sabi, nung lumapit na ako; ’yung butihing asawang babae, ang sabi, “Heto na ang pastor, mahal.” Grabe, grabe! Lumapit pa ako nang husto kung nasaan ’yung lalaki.

Sabi ng lalaki, “Kayo po ba si, Pastor Branham?”

At sabi ko, “Opo, ako po.”

<sup>144</sup> Sinimulan niyang kapain ang mukha ko, nang kamay niya. Tapos sabi niya, “Pastor, may kaunti ka bang minuto para pakinggan ang istorya ko?”

Sabi ko, “Sige lang, po.”

<sup>145</sup> Sabi niya, “Pastor,” sabi niya, “ang matanda kong nanay ay isang mabuti’t relihiyosang babae.” Sabi, “Di siya nagsabi kailanman sa akin ng kasinungalingan sa buong buhay niya.” Sabi, “Sampung taon na po siyang patay.” Sabi, “Wala akong naririnig na anuman po tungkol sa inyo sa buong buhay ko, siyanga.” Sabi, “Sandaang milya po kasi ang layo ng tinitirhan ko rito.” Tapos sabi, “Kagabi. . .” Sabi, “Maraming taon na po akong bulag.” Sabi, “Kagabi, nagising po ako, at nakatayo sa tabi ng higaan ko ang aking matandang nanay. At sabi niya, ‘Iho, anak, pumunta ka ng El Dorado, Arkansas, at ipagtanong mo ang isang tao na nagngangalang Branham.’ Sabi, ‘Ang Diyos ay nagbigay ng kaloob ng Makalangit na pagpapagaling. Matatanggap mo ang iyong paningin.’” Oh, grabe, pakiramdam ko nga’y tumataba ’yung puso ko nang *ganoong* kalaki. Nakita ko roon mismo ang pangungusap ng Diyos.

<sup>146</sup> Marami mang di maniniwala riyon, ang Diyos nga’y ihahayag ’yun sa kung anong paraan sa mga tapat ang puso. Gagawin nga Niya.

<sup>147</sup> Ipinatong ko ang kamay ko sa kanya, at sabi ko, “Kapatid, ang Panginoong Jesus na nagpadala sa’yo ng pangitain na ’yun ay nakatayo rito ngayon para pagalingin ka.” Inalis ko ang mga kamay ko sa kanya.

<sup>148</sup> Hinawakan ko ang kamay niya; namatay ang katarata. May mga luhang tumulo at gumuhit sa kanyang pisngi. Sabi niya, “Pinasasalamatan Kita, Panginoon. Pinasasalamatan Kita, Panginoon.”

Sabi niya, sabi ng asawa niyang babae, “Mahal, nakakakita ka na ba?”

Sabi, “Oo, nakakakita na ako.”

Sabi, “Oh, ikaw—ikaw ba’y nakakakita na talaga, mahal?”

<sup>149</sup> Sabi, “Oo.” Sabi, “Hayan nga ang pulang kotse diyan.” Oh, grabe! Ang asawang babae nga’y nagsimulang humiyaw nang paganoon.

At inalalayan na nila ako, at dinala na sa kotse.

<sup>150</sup> Makalipas nun, bumaba ako ng eroplano malapit sa Memphis, Tennessee, isang gabi. Lumalakad ako, may narinig ako na biglang sumigaw, “Kumusta, Pastor Branham!” Ako nga’y lumapit. At sino ’yun? Hayun nga ang lalaki, normal, kayang-kayang basahin na ang Biblia o ano pa.

<sup>151</sup> Sa isip-isip ko, “Kamangha-manghang biyaya, kay timyas sa tainga, na ang isang abang tulad ko ay maililigtas. . .”

<sup>152</sup> Siya’y nananatiling siya pa rin ngayong gabi kung paano Siya noon. Narito Siya, mga kaibigan. Ang tanging bagay na hinihiling ko sa inyo na gawin ay manampalataya na ang sinabi ko sa inyo’y Katotohanan. At masdan n’yo ang Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na kikilos gaya ng akin nang nabanggit. Kung hindi, kung ganoon ay puwede n’yong ipagsabi na si Kapatid na Branham ay bulaang propeta. Kung Ito nama’y kikilos, kung ganoon ay sampalatayanan n’yo ang Diyos para sa Kanyang pagpapatotoo.

Iyuko na po natin ang ating ulo.

<sup>153</sup> Makalangit naming Ama, oh, iniisip ko nga, na balang araw sa pagsapit namin sa dulo ng lakbayin, at dadako ako sa Iyong bahay, dalangin ko na Iyo pong papasukin ako, at nang ako po’y makaupo sa isang sulok dun kasama ang lahat ng mga minamahal ko na nakilala ko. Mag-uusap kami dun tungkol sa mga bagay, tungkol sa mga alaala na nagkaroon kami na mga dakilang bagay na Iyong ginawa para sa amin. At ganoon pong kahanga-hanga, na sa pangingibang-bayan na paglalakbay na ito rito, ay makita Ka at mapagkilala na Ikaw ay malapit, at Ikaw po’y nandito sa gabing ito para pagalingin ang mga may sakit at ang mga taong nagdadalamhati.

<sup>154</sup> Panginoon, hanggang sa oras na ito, di pa po namin alam kung sino ang Iyong pinili para makadako sa pila na ito. Ikaw po ang nakakaalam. May mga narito. Nasa limampung tao ang may card. Panginoon, Ikaw po ang naglalaan. Alam Mo kung sino sa mga narito ang lalapit. At itinatagubilin namin ito sa Iyo pong mga kamay, Panginoon.

<sup>155</sup> Ngayon Iyo pong pagpalain ang bawat isa. At nawa sila, Panginoon, na hindi makadadako sa pila para sa pananalangin, sa oras na makita nila ang mga nagdadalamhati at ang mga pinahihirapang lubha, na sa kalagayan ng mga taong ito, ay

makita nila na ang mga taong ito'y mapalaya mula roon, Oh Diyos, dalangin ko na ang pananampalataya nila'y tataas pa at sila'y sasampalataya. At, Oh Ama, Iyo pong ipagkaloob na magkaroon ng isang makalumang rebaybal na magsimula sa buong siyudad, Panginoon, na ang bawat iglesya ay magkaroon ng mga rebaybal at ang mga ligaw na kaluluwa'y pumasok, na nananampalataya sa Iyong minamahal na Anak. Iyo pong ipagkaloob ito, Minamahal na Diyos.

<sup>156</sup> Ngayon, Ama, Ikaw po ang nakakatalos ng—ng kahinaan ng tao. At nalalaman namin ang Kapangyarihan ng Diyos. At dalangin ko na Iyong ipadadala ang Iyong Anghel, ang Isa na Yaon na naghiwalay sa akin mula sa sinapupunan ng nanay ko, hinatid ako sa buhay na ito, at itinalaga ako para sa layunin na ito, na tumayo rito sa gabing ito. Minamahal na Diyos, sa pagpapahayag ko ng matapang na pahayag na ito, sa harap ng libo-libo, at daang libo na mga tao, Ikaw po'y di nabibigo kahit kailan. At alam ko na di Mo kami bibiguin sa gabing ito, bagkus ipagkakaloob Mo sa gabing ito na ang bawat lihim ng puso ay masambit sa mga tao; ang kanilang mga karamdaman ay masabi sa kanila, ang mga demonyo na tumatali sa kanila. At ang bawat isa'y mapalaya (di po ba, Ama?) dahil nagtitiwala kami sa Iyo at iniibig Ka't sinasampalatayan Ka't, hinihiling ito sa Iyong Pangalan at para sa Iyong kaluwalhatian. Dinggin Mo po ang panalangin ng Iyong lingkod ngayon, Ama, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>157</sup> Sige po, ang tagapangasiwa ng pila para sa panalangin. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Hinihiling ko ang mga may hawak ng prayer card na B bilang walumpu't lima, hanggang B isang daan, na tumayo sa pila ayon sa numero dito po sa may kanan ko, at sa kaliwa n'yo, sa hagdan ng entablado. Mula B walumpu't lima, hanggang B isang daan. Ang iba po'y manatili lamang na nakaupo."—Pat.]

<sup>158</sup> Idagdag ko lang, habang inaayos niya ang mga pila, lahat po na narito'y alam. . . Lagi po nating sinasabi ito, na kayo po'y magpitagan. Hindi po kami mananagot. . . Kinakailangan ko pong sabihin ito dahil nasa batas po ito, bawat gabi. Di po ako mananagot sa sinumang kritiko sa pagtitipon. Ang mga bagay na ito'y puwedeng lumundag mula sa isa patungo sa isa, lalo na ang pagka-epileptic, at iba pang gaya nun. May nakita na akong mga tao na nagpunta sa pagtitipon, na ganap na normal; makikita ang isang paralisado na nakaupo rito, at 'yung paralisado'y lalabas na normal ang kalagayan at ang kritiko'y lalabas na siya ang papilay-pilay. Marami na akong nakita na pumasok dito haya't mga dalawampu't walo na sila o higit pa, na isa-isa na lang natutumba dahil sa epilepsy, diyan sa sahig. Ang puwersa na ito ng demonyo'y maghahanap talaga ng dako na mapupuntahan.



159 At, mga kaibigan, nasa Biblia po 'yan. Ilan ang nakakaalam na turo't aral 'yan sa Biblia, patingin po ng inyong kamay. Ito nga'y ang Bagong Tipan na iglesya na kumikilos. Hindi po ba, mga kaibigan? Ito'y Kapangyarihan mismo ng Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat na nagliligtas.

160 At habang pinapipila nila ang mga tao, iniisip ko lang na 'yung mga nasa silyang de gulong, sige't ang sabi nila'y puwede kayong di na umalis sa puwesto n'yo, lalapit na lang sila kapag kayo na ang . . . Kapag malapit na 'yung numero sa card n'yo, kanilang—kanilang tatawagin ang pansin n'yo.

161 Ngayon nais kong alalahanin ito ng lahat. Kayo po'y—kayo po'y laging malugod na tinatanggap sa mga pagtitipon, lahat po. Pero kapag hiniling ko sa inyo na iyuko n'yo ang inyong mga ulo, iyuko n'yo talaga ang inyong mga ulo. At pagkatapos kapag aking . . . huwag n'yo pong iangat ang ulo n'yo hanggang sa sabihin ko 'yun dito sa mikropono, o ni Kapatid na Bosworth na nakatayo lang dito, na itaas n'yo na ang inyong ulo. Kung bigla na lang n'yong pangungunahan, hindi po ako mananagot sa kung anong maaaring mangyari.

162 Si G. Hooper po, na nakaupo rian sa malapit, naroon siya noon sa isang . . . Gusto ko lang makakita nang ganoon, na mga nakasaksi na sa ibang mga pagtitipon. Naroon siya noon sa Phoenix, Arizona, kasama namin, kung saan may isa sa mga opisyal ng siyudad, ang nakaupo sa pagtitipon.

163 Sabi nung lalaki, “Naku, mataas na antas lang ito ng sikolohiya,” sabi, “Basta ako . . . di ako susunod.”

164 Nararamdaman ko nga 'yung lalaki na 'yun. Nakaupo siya sa likod sa bandang kanan ko. Sabi ko, “May tao po sa kanan ko, ang nakaangat ang ulo.” Ayaw niyang iyuko ang ulo niya.

Sabi sa kanya ng isa sa mga usher, sabi, “Iyuko n'yo lang po ang ulo n'yo.”

Isa siya sa mga opisyal ng siyudad, kaya sabi niya, “Di ko naman kailangan.”

Sabi, “Sige po.”

Tapos binanggit nung usher sa akin.

165 May maliit na bata nga roon, at naka-perdible lang 'yung parang basahan na ipinambalot sa kanya, mangyari . . . Ang bata nga'y sinusumpong ng epilepsy; nangingisay dun mismo sa ibabaw ng entalado. Kung minsan nga kapag umaatake ang epilepsy, talagang pinangingisay nun ang tao.

Tapos sabi ko, “Sige po, ginoo, nakikiusap lang naman po ako. Yun lang po ako ang magagawa ko.”

166 Nanalangin ako. Sabi ko, “Diyos, huwag Mo pong hayaan na ang inosenteng bata na ito'y magdusa dahil sa bata na 'yun . . .

dahil sa lalaking 'yun, sa kanyang pagsuway." Lumisan sa bata. Ngumisi lang ang lalaki at ganoon nga.

<sup>167</sup> Mga dalawang araw ang nakalipas, sumadya siya . . . para raw bigla na lang siyang may naramdaman na kakatwa, sabi, "Oh, baka guni-guni ko lang ito, baka ganoon lang." Sabi, "Baka—baka imahinasyon ko lang ito, ano't iniisip ko lang kasi nang husto." Sinusubukan niyang balewalain 'yun.

<sup>168</sup> Isang araw o mga ilan pa, sinundo na siya ng mga opisyal sa may bayan, na palakad-lakad. Mga anim na linggo pagkatapos, sumadya siya . . .

<sup>169</sup> Nagdadaos ako noon ng isang gawain sa Charles Fuller . . . o kina Charles Fuller, doon sa Long Beach. Kung mayroon po rito na nakadalo roon, alam n'yo kung gaanong karami ang dumalo roon noon. Literal na libo-libo ang naroon, nakatayo sa dulo-dulo nung dalampasigan, kaya sila . . . Di siya makasingit dun.

Sumadya sa Los Angeles, hindi siya makapasok.

<sup>170</sup> At, nung huli, si Modesto. Yung asawa niyang babae, isang gabi na maulan, napasalampak siya sa daan. Kumapal na raw ang balbas sa mukha ng asawa niyang lalaki, kakila-kilabot, at kahindik-hindik tingnan. At hayun nga siya. Sabi, "Kapatid na Branham, kung may magagawa lang sana." Sabi, "Hindi siya—hindi siya—hindi siya, ayaw niyang kumain. Ni hindi namin siya mapainom man lang." Oh, kalunus-lunos nga ang sinapit niya. Nakaupo roon, nakadilat lang ang mga mata.

<sup>171</sup> Pumasok ako. Bigla na lang siyang, "hummmm," tila may gustong sabihin sa akin, nang *paganoon*.

<sup>172</sup> Sinabi ko sa kanila na ipinid ang pinto. At pagod na kami noon, tumagal kami dun sa bulwagang-pamayanan nung gabi ng Sabado, mahabang oras, ang ginugol namin sa mga may sakit. Pinapinid ko kay Kapatid na Brown at Kapatid na Moore ang pinto, para di makapasok ang ibang tao. Yung asawang babae nga'y puno ng putik dahil sa pagkakasalampak sa daan, at napakapit pa nga sa may binti ng pantalon ko. Hindi ako makagalaw. Ayaw nila akong paalisin, nakahawak ang babae, para ako'y pumunta sa kanyang asawang lalaki.

<sup>173</sup> Lumipas ang mga apatnapu't limang minuto, lumisan 'yun sa kanya. Iniakbay nung lalaki ang bisig niya sa'kin at niyakap ako. Isinuot niya sa ulo niya ang sumbrero niya nang paganoon, kinamayan ako, umuwi na magaling na.

<sup>174</sup> Sinasabi ko nga sa inyo, mga kaibigan, kung kritiko ako, di n'yo ako siguro mapapaupo kung saan ito nangyayari. Naparito ako para tulungan kayo at di kayo hadlangan. Buweno, ngayon, sige't alalahanin n'yo 'yun. Kung pananatilihin n'yo ang ulo n'yo na nakayuko, kung may bagay na mangyari, ako po ang mananagot kung ganun. Ngayon, di kayo puwedeng umimbento ng kuwento, dahil malalaman at malalaman ko pagtapak n'yo

rito. Pero ngayon kayo po'y magpitagan lamang, manalangin. Kapag hiniling ko na iyuko n'yo ang ulo n'yo, iyuko n'yo ang ulo n'yo. Gaya ng ginawa n'yo po kagabi, kalugud-lugod po. At ganoon din po ang gawin n'yo sa gabing ito, ang lahat ay magiging maayos. Kayo po ba'y . . .

Ihanda n'yo na ang linya n'yo.

Iyuko lang natin ang ating mga ulo pansumandali.

<sup>175</sup> Ama, napagtatanto ko na ito'y dakilang oras. Oras po ito na kami'y tatayo nang harap-harapan sa kalaban. At heto po ang mga pilay, mga nagdadalamhati, at naghihingalong mga tao. Heto ang mga tao na nakatayo rito sa may pila, na marahil may kanser o marahil may sakit sa puso. Di ko po alam kung ano ang suliranin sa kanila ngayon. Pero Iyo pong sasabihin sa Iyong lingkod. At dalangin ko, sa Iyo, na Iyong pagagalangin ang bawat isa nang ganap. At nawa'y si Satanas ay masuway sa bawat pagkakataon, at nawa'y mabunyang sa mga sumasaksi rito. Nawa ang bawat isa'y maging kalugud-lugod, Panginoon, na nakikipagtulungan, lahat na Cristiano. Nawa'y magkaroon kami ng dakilang pagtitipon ngayong gabi. Nawa ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo'y dumaluyong sa buong gusali, pagalangin ang bawat isa na narito sa gusali, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Awitin natin, nang minsan, kung mamarapatin n'yo.

Only believe . . .

Ang bawat isa po'y magpitagan sa abot ng makakaya n'yo.

All things are possible, only believe;

Only believe, only believe,

All things are possible, only believe.

Iniiisip ko lang kung puwede nating awitin ito nang gaya nito ngayon:

Now I believe . . .

<sup>176</sup> Ilan ang sumasampalataya rito? Itaas n'yo ang inyong kamay habang inaawit n'yo ito.

. . . now I believe, (Purihin ang Panginoon!)

<sup>177</sup> [Blangkong bahagi sa teyp.—Pat.] . . . may kanser o sakit na pambabae. At sandali lang po; pareho pong nahagip nang sabay. Ito po'y sakit na pambabae, 'yun nga ito. Tama ba? Oo. Tama nga. Halos kanser, siyanga, 'yun nga 'yun. Ang buhay nga'y hindi naging mabulaklaking higaan ng kaalwalan sa iyo, siyanga? Hindi. Napakarami mong mga ligalig . . .



*MGA KARAMDAMAN AT KADALAMHATIAN* TAG50-0100  
(Diseases And Afflictions)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Enero, 1950 sa Church Of The Open Door sa Louisville, Kentucky, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)